

Taon XXXIX Blg. 2 Enero 21, 2008 www.philippinerevolution.net

Editoryal

Isiwalat ang magagandang balita ng armadong pakikibaka

indi matatawaran ang inspirasyon at galak na din ito ng mahusay na pamumuno ng Partido, ng mainihahatid ng matatagumpay na taktihigpit at masiglang pagtupad ng BHB sa mga pampukal na opensiba at iba pang rebolitikang gawain at ng lawak at lalim ng suporta ng lusyonaryong tagumpay sa mamamamamamayan. yang Pilipino at mamamayan ng buong Ang bawat labanan sa armadong larangan ay may kaakibat na labanan sa pampulidaigdig. tikang larangan. Nasa likod ng Ang bawat tagumpay sa larangan ng armadong pakikibaka ay nagpaparebolusyonaryong artataq sa kanilang determinasyong isumadong pakikilong ang rebolusyon. baka Kaalinsabay, ang bawat matagum-Ymani ng higit pang lahatang-panig pay na taktikal na opensiba ng Baga tagumpay ngayong taon qonq Hukbonq Bayan (BHB) ay sampal sa pasistang hukbo, sa reaksyunaryong papet na estado at sa sistemang ipinagtatangqol nila. Inilalantad nito ang kasinungalingang ipinangangalandakan ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na sila'y nagwawagi sa desperadong hangarin nilang gapiin ang rebolusyonaryong paqlaban ng bayan. Ang bawat mataqumpay na taktikal na opensiba ay naqpapakita di lamang ng pagsulong sa larangan ng arma-

Mga tampok sa isyung ito...

dong pakikibaka. Patunay

Mabibigo ang mga pakana ng rehimeng US-Arroyo PAHINA 3 Ka Gino: Magiting at beteranong mandirigma PAHINA 6

Panghihimasok ng US sa Pakistan PAHINA 9

ang iba't ibang buhay-at-kamatayang adhikain at isyu sa interes ng mamamayan. Sa bawat pagkakataon, ang mga taktikal na opensiba ng BHB ay pinalalabas ng mga pasistang kaaway bilang "terorismo" sa desperasyong tabunan ang rebolusyonaryong kabuluhan ng mga ito at pagkaitan ng suporta ng masa.

Kaya naman kaakibat ng bawat taktikal na opensiba ay napakahalagang tungkulin natin na maihatid sa lahat ang rebolusyonaryong magandang balita. Bawat taktikal na opensiba ay may kabuluhan hindi lamang sa larangang pinaglunsaran nito, kundi sa lahat ng iba pang larangan, sa buong

rebolusyonaryong kilu-

burgis na masmidya upang abutin ang mas malawak na mamamayan.

Sa pamamagitan ng ating pamamahayag, natitiyak nating naipalalaganap ang wastong impormasyon at naipapaabot ito nang buo sa lahat. Gayundin, naipaliliwanag nang husto ang tunay na kabuluhang pulitiko-militar ng mga naipagwawagi nating taktikal na opensiba.

Kailangang sikapin ng lahat

san at sa sambayanan.

Pinakapangunahing tagapagsi-

walat ng gayong mga balita ang

mga rebolusyonaryong pahayagan

at iba pang daluyan ng balita at

impormasyong minamantine ng re-

bolusyonaryong kilusan. Sinisikap

din natin na gamiting daluyan ng

gayong magagandang balita ang

na maipalathala ang mga balita sa larangan ng armadong pakikibaka sa mga pahina ng *Ang Bayan*. Bilang pambansang rebolusyonaryong pahayagan, sinisikap nating ibalita ang lahat ng mga taktikal na open-

ang lahat ng mga taktikal na opens i b a —

1



Taon XXXIX Blg. 21 Enero 21, 2008

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wi-kang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligay-non, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matataqpuan sa:

www.philippinerevolution.net

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa:

angbayan@yahoo.com

Nilalaman

ng armadong pakikibaka

EditoryalIsiwalat ang magagandang balita

Mabibigo ang mga pakana	
ng mga kontra-rebolusyonaryo	3
Pananalanta ng pasistang estado	4
Ka Gino, beteranong mandirigma	6
Panghihimasok ng US sa Pakistan	9
Balita	
Bulaang ulat sa Glorietta bombing	11
EDSA 2, ginunita	12
Minahan, pinalayas sa N. Vizcaya	12
Pagtaas ng presyo ng langis	12
Memo sa midva, tinutulan	12

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas maliit man o malaki. Kaugnay nito, malaki-laki pa ang mga kahinaang kailangang pangibabawan sa sistema ng pagpapaabot ng balita at impormasyon.

Nitong nakaraan, mas malaki ang bilang ng matatagumpay na taktikal na opensiba kaysa aktwal na nailalathala sa *AB*.

Sa harap ng panawagan ng Komite Sentral ng Partido na patuloy na paigtingin ang mga taktikal na opensiba, inaasahan natin na lalo pang maraming tagumpay ang matitipon sa mga darating na buwan at taon.

Inaasahan ding mapupuno ang mga pahina ng AB ng mga magandang balita ng tagumpay. Matatamo ito sa pamamagitan ng masipag at maagap na pagpapadala ang lahat ng yunit ng mga ulat ng bawat tagumpay sa armadong pakikibaka at iba pang larangan ng rebolusyonaryong gawain. Ang pagpapadala ng mga pangkalahatang ulat at koresponsal na malalimang tumatalakay sa mga rebolusyonaryong pagsulong sa kanikanilang saklaw ay lubos ding makatutulong upang paghalawan ng aral at inspirasyon.

Mahigpit na tungkulin ng mga namumunong komite ng Partido sa iba't ibang saklaw ang pagbabalangkas ng mga pamamaraan at pagbubuo ng mga makinarya para mabilis at ligtas na maiparating sa Ang Bayan at kinauukulang mga organo ng Partido sa propaganda ang mga balita hinggil sa mga taktikal na opensiba, iba pang rebolusyonaryong breyktru at tagumpay at kalagayan ng kanilang mga rebolusyonaryong gawain at pwersa.

Sama-samang pagtulungan nating mahigpit na maipatupad ang tungkuling maibahagi sa buong rebolusyonaryong kilusan, sa sambayanang Pilipino at sa buong daigdig ang mga balita hinggil sa ating mga rebolusyonaryong tagumpay at pagsulong.

Mabibigo ang pakana ng mga kontra-rebolusyonaryong pwersa

abibigo ang pakana ng mga kontra-rebolusyonaryong pwersa na duruqin ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), Bagong Hukbong Bayan (BHB) at mga rebolusyonaryong pwersa bago matapos ang 2010. Bagkus ay magpapalakas at magpapalawak ang mga ito para punuan ang lahat ng distritong kongresyunal at malayang makapagoperasyon ang mga armadong partisano sa maraming lunsod ng bansa.

yunit

nq

Ito ang pahayag ni Kasamang Jose Ma. Sison, punong konsultant sa pulitika ng National Democratic Front of the Philippines, noong Enero 12 bilang reaksyon sa pagmamayabang ng rehimeng Arroyo at ng kanyang mga tauhang militar na nawasak umano ng Armed Forces of the Philippines and 13 larangang gerilya noong 2007 at paliliitin din umano ang bilang ng mga gerilya ng BHB sa mas mababa sa 6,000 na lamang.

Tinuran ni Kasamang Sison na bigo na durugin ang Oplan Bantav Laya (OBL) 2 ang kahit isang larangang gerilya, habang ang BHB ay nakapagrekrut pa ng dagdag na mga Pulang mandirigma at nakaagaw ng daan-daang mga armas mula sa mga armadong tauhan ng estado. Binanggit din ni Kasamang Sison ang pahayag ni Gregorio "Ka Roger" Rosal na nagbabalitang kaya lamang ng mga armadong pwersa ng estado na konsentrahan ang di hihigit sa 10% ng mga larangang gerilya. At iyon ay sa isang takdang panahon lamang. Dagdag pa, nalilito and mga armadong kaaway sa mataqumpay na paggamit ng BHB ng pleksibleng taktika nito ng konsentrasyon,

lagayan. Ipinahayaq ng Komite Sentral ng PKP na nakapagbibiqay na ngayon ng pulitiko-militar na edukasyon at pagsasanay sa libu-libong kadre ng Partido at mga upisyal ng BHB para pabilisin ang pagpapalawak at konsolidasyon ng BHB. Nagbubuo ito ng mga panrehiyon at pamprubinsyang kumand ng BHB kasama ang mga panagupang platun nito, at nagpaparami ng mga larangang gerilya para punuan ang lahat ng 173 distritong kongresyunal sa mga lalawigan at para makakilos ang mga armadong partisano sa 44 na distritong kongresvunal sa kalunsuran. Bubuuin at sasanayin din ang mga


milisyang bayan at mga yunit para sa pagtatanggol-sa-sarili sa mga kinikikilusang baryo.

Suntok sa buwan. Paulit-ulit na nagpapanukala sa rehimeng Arroyo ang NDFP para muling buhayin ang pormal na usapang pangkapayapaan o kahit man lamang ituluytuloy ang mga "exploratory" na neqosasyon bago ang pormal na paguusap. Ngunit patuloy na binabalewala ito ng rehimen dala ng walang batayang pagkahumaling nito sa suntok sa buwang pangarap na mapagpasyang malulumpo na nito ang 39-taong armadong rebolusyon ng Maoistang partido bago ang 2010.

Batid ng rehimeng Arroyo na lalo pang lumakas ang armadong rebolusyonaryong kilusan at nailantad na rin sa publiko ang pagkabigo ng Oplan Bantay Laya I at kasalukuyang OBL 2 nito. Gayunman, nagpapatuloy pa rin ito sa pagpapalabas ng mga saywar na pahayag para tabunan ang kabiguan nito at ang mga tagumpay ng rebolusyonaryong kilusan para patuloy na linlangin ang mamamayan.

Ayon sa Komite Sentral ng Partido, ang armadong rebolusyon ay patuloy na umuunlad at umaabante tungo sa mas mataas na antas ng digmang

bayan. Determinado ang rebolusyonaryong mamamayan at pwersa sa kanilang plano at taglay nila ang organisadong lakas at kakayahang isakatuparan ito. Sasamantalahin nila ang lalong lumalalang kalagayan ng sosyo-ekonomiko at pampulitikang krisis. Bago at pagkatapos ng 2010, maglulunsad ang armadong rebolusyon ng mga taktikal na opensiba para pabulaanan ang ipinangangalandakang mga tagumpay militar ng rehimeng Arroyo, daqdaq pa ni Kasamanq Sison.



dispersal at paglilipat ng

Pakana para mangunyapit sa poder

Tpang patuloy na makapangunyapit at mapahaba ang pananatili sa poder, muling itinatambol ni Gloria Arroyo ang matagal nang nauudlot na planong *national identification (ID) system* at pagbabago sa saligang batas.

National ID system. Tinalakay ito nitong Enero 7 sa isang kumperensya ng matataas na upisyal ng militar at pulisya na dinaluhan ni Arroyo sa Camp Aguinaldo. Inatasan ni Arroyo ang Department of National Defense na pag-aralan kung paano ilulusot ang sistemang ID sa mga balakid na probisyon ng saligang batas ng Pilipinas at sa mga nauna nang desisyon ng Korte Suprema laban dito. Tinatarget ni Arroyo na maipatupad ang sistemang ID ngayong taon.

Sa tulak ng US, ipinatutupad na ngayon ang isang sistemang ID sa mga komunidad sa Sulu bilang bahagi ng pagkontrol sa populasyon sa ngalan ng pagsugpo sa Abu Sayaff. Ipinatutupad na rin ito sa isang barangay sa Davao City. Malinaw na ginagawang laboratoryo ang mga lugar na ito sa planong implementasyon ng sistemang ID sa buong bansa.

Idinadahilan ng rehimen na makatutulong daw ang pambansang sistemang ID sa pagsugpo sa mga kriminal at sa tinatagurian nitong mga "terorista." Pinalalabas ng rehimen na ang ID na ito ay magkokonsolida lamang sa iba't ibang ID tulad ng Social Security System ID at Philippine Health Corporation (PhilHealth) card at maglalaman lamang ng mga batayan at dati nang impormasyong nasa ibang ID.

Ang totoo, itinutulak ng AFP at PNP ang pambansang ID sa balangkas ng kontra-rebolusyonaryong Oplan Bantay Laya 2 at pagsupil sa mga kalaban ng rehimen. Ang tunay na layunin sa likod ng pagtutulak ng pambansang ID ay ang pag-

papahigpit ng pagmanman sa mamamayan at pagkontrol sa kanilang pagkilos. Nais ng rehimen na agapan ang anumang kilusang magpapatalsik dito sa poder o pipigil sa plano ni Arroyo na manatili sa pwesto lampas pa sa 2010. Tiyak na gagamitin ang ID sa panghaharas at panggigipit sa mga grupo at indibidwal na anti-Arroyo.

Walang ibang maaasahan sa pambansang sistemang ID kundi ang pagdami ng kaso ng paglabag sa karapatang-tao at pagsikil sa kalayaang sibil ng mamamayan.

Katunayan, mas matindi pa ang pambansang sistemang ID sa sistemang sedula na ipinatupad ni Gen. Jovito Palparan noong siya ang kumander ng 7th Infantry Division sa Central Luzon.

Matatandaang inobliga niva at ng kanyang mga tropa ang mamamayan Nueva Ecija, Bulacan at iba pang kanuqnoq na lalawigan na magkaroon ng sedula. Sinumang walang sedula ay agad na pinararatangang hindi

tagaroon at myem-

bro o tagasuporta ng BHB. Mahaba ang listahan ng paglabag sa karapatang-tao dahil sa sistemeng sedula ni Palparan. Charter Change. Habang papalapit ang eleksyong 2010, mas nagiging aligaga si Arroyo sa kanyang kapit sa kapangyarihan. Kaya muli niyang itinutulak ang pagbabago sa saligang batas upang makapanatili pa siya sa poder.

Sa ngayon, sinusubukan niyang gawing sangkalan ang pakikibakang Moro sa pagsasabing masosolusyunan ng pagbabago sa saligang batas ang mga ipinaglalaban ng Moro Islamic Liberation Front (MILF). Ito ay sa usapin ng ancestral domain (o lupaing ninuno) na pinalalabas ng rehimen na bara at sanhi ng pagtigil ng usapang pangkapayapaan sa pagitan nito at ng MILF.

Ayon kay Jesus Dureza, presidential peace process adviser, solusyon para sa mamamayang Moro ang pagbabago tungong sistemang pederal. Mariin naman itong tinuligsa ng MILF sa pamamagitan ni Eid Kabalu, civil-military affairs

chief ng MILF.
Ayon sa kanya,
wala silang napagkaisahan sa
usapang pangkapayapaan sa
pagitan nila at
ng gubyerno
ni Arroyo na
ang pagpipinal
ng kanilang kasunduan ay iaangkla sa pagbabago sa
saligang batas.

Kasabay nito, naghahanda na rin ng panibagong panukala ang mga ali-

pures ng rehimen sa Kongreso. Nagsisimula na ring magpakulo ng panibagong People's Initiative ang Union of Local Authorities of the Philippines (Ulap).



Lider ng kabataang Moro at lider-magsasaka ng Masbate, pinaslang

Talang puknat ang mga pamamaslang at iba pang abusong militar sa bansa. Isang lider magsasaka ang pinaslang sa Masbate at isang lider kabataang Moro ang pinatay sa Zamboanga Sibugay nitong Enero. Patuloy din ang harasment sa mga progresibo at panggigipit sa masang magsasaka sa kanayunan.

Enero 16. Dinukot at pinaslang ng mga elemento ng 5th Regional Mobile Group ng PNP si Teldo Rebamonte, 45, lider ng Masbate People's Organization. Dinukot si Rebamonte noong Enero 12 at natagpuan ang kanyang bangkay na may mga palatandaan ng tortyur sa Barangay Nabasagan, Claveria, Masbate. Nakatakda sanang dumalo si Rebamonte sa paggunita sa Mendiola Massacre.

Enero 11. Mahiqit 20 Dumaqat mula sa Quezon ang pinwersa ng militar na magtreyning para sa Citizens Armed Forces Geographical Unit. Pagkaraan ng tatlong linggong pagsasanay, apat na Dumagat ang tumakas dahil pinilit silang gumawa ng mga bagay na labag sa kanilang kagustuhan. Sa takot na bweltahan sila ng militar, sapilitan silang lumikas. Dalawang pamilya ng Dumagat ang nasa Metro Manila ngayon para makaiwas sa harasment ng militar. Ipinatutupad ngayon ng AFP ang matitinding operasyong militar sa Quezon, isa sa mga prayoridad na erya ng Oplan Bantay Laya 2.

Enero 10. Iligal na inaresto ng mga pwersang militar at pulis sa Sta. Maria, Bulacan si Glicerio "Ka Choy" Pernia, lider ng PKP-BHB sa Albay at konsultant ng NDF Peace Panel. Ang pagaresto kay Pernia ay la

bag sa Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees. Iginiit ng NDF-Bicol ang agarang pagpapalaya kay Pernia sa batayang makatao dahil siya ay may altapresyon, sakit sa puso at sakit sa bato.

Enero 8. Pina-

tay ng gwardya ng isang plantasyon ng saging si Sahiron Banggot, 22, vice chairman ng Liga ng Kabataang Moro (LKM) at estudyante ng Bacalan National High School sa Zamboanga Sibugay. Myembrong organisasyon ng Suara Bangsamoro ang LKM. Si Banggot at ang kanyang kaibigang si Joe Enriquez, 22, ay papunta sana sa plantasyon ng Tambanan Agrarian Reform Beneficiary Multi-Purpose Cooperative (TARBEMCO) nang pagbabarilin ng naturang gwardya. Pitong tama ng bala ang ikinamatay ng biktima. Si Enriquez naman ay ikinulong sa


isang abandonadong silid sa isang gusali ng plantasyon at pinakawalan kinabukasan. Saka na lang nalaman ng mga magulang ni Banggot ang sinapit ng kanilang anak.

Disyembre 22, 2007. Wasak na kabahayan at paaralan, nagkalat na mga libro at gamit-paaralan, nawawalang mga alagang baboy at manok at naglahong suplay ng bigas. Ito ang nadatnan ng mahigit 2,000 bakwit

mula sa 12 barangay ng Andap Valley, Lianga, Surigao del Sur apat na araw bago mag-Pasko. Walang ibang may kagagawan nito kundi ang militar, anila. Hindi sila naniwala sa pahayag ni Maj. Samuel Sagun, tagapagsalita ng 4th ID na nakabase sa Cagayan de Oro City, na mga gerilyang pwersa ng BHB

ang responsable sa naturang pananalanta.

Disvembre 2007. Apat na lider-simbahan ng Iglesia Filipina Independiente ang nakatanggap ng banta sa kanilang buhay at mahigpit na minamanmanan ng mga berdugo ng rehimeng Arroyo. Ang apat ay sina Bishop Delfin Callao Jr. ng Davao City, Rev. Eleuterio Revollido ng Urdaneta City, Rev. Gilbert Garcia ng San Clemente, Tarlac at Rev. Antonio Ablon ng Cagayan de Oro City. Dagdag pa, ilang beses na pwersadong pinasok ng mga ahente ng militar ang kumbento ni Reverend Garcia. Sa kabila ng pag-uulat na ginawa ni Rev. Garcia tungkol sa naturang panloloob ay walang ginawa ang mga pulis. Nakatanggap din siya ng text message mula sa isang umaming pumatay kay Bishop Alberto Ramento noong Oktubre 2006 na nagsabing siya na ang isusunod. Myembro si Reverend Garcia, 25, ng Promotion of Church People's Res-



ponse. Noong siya'y estudyante pa, naging tagapangulo siya ng Seminarians on Transformation and Nationalism at Council of Seminarians.

Mga lider-manggagawa, biktima ng pamamaslang, harasment. Iniulat ni Anakpawis Rep. Crispin "Ka Bel" Beltran na 33 sa 144 kaso ng pamamaslang ng mga lider-unyon noong 2007 ay naganap sa Pilipinas. Naiulat din na nagkaroon sa bansa ng mahigit 800 kaso ng pambubugbog at tortyur ng mga lider-unyon at aktibista. Ang naturang ulat ay nakapaloob sa 2007 Survey of Trade Union Rights Violations na ipinalabas ng International Trade Union Confederation. Isinampa ni Ka Bel ang House Resolution 299 noong Enero 6 na nananawagan sa House of Representatives Committee on Civil, Political and Human Rights at Committee on Labor and Employment na gumawa ng imbestigasyon sa naturang paglabag. Iminungkahi rin ni Beltran na imbestigahan ang patuloy na pagmamanman, harasment at pagdukot ng mga elemento ng militar sa mga lider-unyon at tagasuporta ng karapatan ng mga manggagawa laluna sa Central Luzon. Kasama niyang nagsampa ng naturang resolusyon sina Bayan Muna Rep. Satur Ocampo at Teodoro Casiño at Gabriela Rep. Liza Maza at Luzviminda Ilagan.

Pamilya ng dinukot na mga Aeta, ginawaran ng writ of amparo. Inaprubahan ng korte nitong Enero 9 ang petisyon para sa writ of amparo na isinampa ng pamilya ng dalawang nawawalang Aeta. Alinsunod rito

ay tinukoy ng pamilya ng mga biktima sina 2Lt. Ali Sumangil at isang Sergeant Villalobos bilang responsable sa pagdukot kina Nicolas Sanchez at pinsan nitong si Heherson Medina noong Setyembre 17, 2006 sa Capas, Tarlac. Isinampa ang

petisyon para sa writ of amparo ni Cleofas Sanchez, ina ni Nicolas Sanchez. Napag-alaman din sa pagdinig na ikinulong sina Sanchez at Medina sa Fort Magsaysay, Palayan City, Nueva Ecija at pinilit maging alila ng militar habang binabantayan ng mga tauhan ng Camp Bravo ng 71st IB sa loob ng Hacienda Luisita, Tarlac City. Inihayag ng isang testigo, si Josephine Victoria na nakita niya ang dalawa sa Camp Servillano Aquino ng Northern Luzon Command sa San Miguel, Tarlac.

Unang hiniling ni Sanchez sa Korte Suprema na bigyan sila ng permanenteng proteksyon at payagan silang inspeksyunin ang Camp Servillano Aquino at ang mga kampo ng 71st IB sa Tarlac, at Fort Magsaysay sa Palayan City, Nueva Ecija, kung saan pinaniniwalaang itinatago ng militar ang dalawang biktima. Kinatigan ng Korte Suprema ang kanyang petisyon at iniatas nito sa Court of Appeals na dinggin ang kaso.

Ka Gino: Magiting at beteranong Pulang mandirigma

Isa si Kasamang Gino sa mga huwarang rebolusyonaryong Pilipino na taimtim na naglilingkod sa sambayanan sa abot ng kanyang makakaya kahit sa harap ng napakarami at napakabibigat na kahirapan, sakripisyo at pagsubok. Sa kasalukuyan, isa si Ka Gino sa pinakamatagal nang kadre ng Partido at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan sa Cagayan Valley. Ang kanyang personal na kasaysayan ay mahigpit na nakahabi sa makulay na kasaysayan ng rebolusyonaryong kilusan sa hilagang silangang Luzon.

Nagsimulang kumilos si Ka Gino noong huling bahagi ng dekada 1960 noong siya ay binata pa lamang. Mula Pangasinan, napilitang lumipat ang kanilang pamilya sa Timog Isabela noong dekada 1950 bunsod ng matinding kahirapan. Ang kanilang nilipatang baryo sa Forest Region ng Isabela ay isa sa mga lugar na unang kinilusan ng BHB.

Wala pang isang buwan mula nang itatag ang BHB sa Tarlac, agad nagsimulang magsagawa ng panlipunang pagsisiyasat at gawaing masa sa Forest Region ang ilang kadreng galing sa Central Luzon. Kasama nila ang ilang bagong litaw na pwersang tubong-Isabela. Noong katapusan ng 1969, bukod sa Forest Region, ay nakapagsimula na ring umugat ang rebolusyonaryong kilusan sa ilang kapatagang bahagi ng prubinsya.

Bunga ng mahigpit na pagtangan sa linya ng bagong demokratikong rebolusyon, mabilis na umunlad ang rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon ng Cagayan. Sa loob ng maikling panahon, umabot na sa 120 ang naitayong mga Komiteng Pangorganisa ng Baryo (KPB) at mga Komiteng Rebolusyonaryo ng Baryo (KRB).

Mabilis na lumaki ang BHB. Nabuo sa Isabela ang unang pangunahing yunit panlaban sa buong rehiyon. Bago magtapos ang 1972, mayroon na ritong dalawang kumpanya (Coy A at Coy B) na sumasaklaw sa tig-1,000 kataong milisyang bayan. Lumaganap ang maliliit na aksyong militar ng BHB. Malao'y lumagablab ang mga taktikal na opensiba sa iba't ibang lugar sa Isabela.

Pumaloob si Ka Gino sa Kabataang Makabayan noong 1969. Makaraan ang ilang buwan, nahirang siyang pinuno ng lokal na tsapter ng KM sa kanilang baryo. Lumalim ang kanyang pag-unawa sa lipunan at rebolusyon sa pamamagitan ng matiyagang pagdalo sa mga rebolusyonaryong pag-aaral. Makaraan ang ilang taon, naging pinuno siya ng isa sa pinakaunang milisyang bayang naitatag sa buong prubinsya.

Minsa'y dumalo siya sa isang pulong ng mga milisyang bayan na umabot sa 1,000 katao. Kumalat ang balita tungkol sa malaking pagpupulong na ito na isa sa naging dahilan ng pag-init ng lugar.

NANG ideklara ang batas militar noong Setyembre 1972, itinuon ng diktadurang US-Marcos ang pinakamaririin at pinakamararahas na atake kapwa sa mga rebolusyonaryong pwersa sa rehiyon ng hilagang silangang Luzon at laban sa mamamayang Moro. Di bababa sa 7,000 tropa ng AFP ang ginamit ng diktadura sa sunud-sunod na kampanyang militar mula 1972-1976 na itinutok sa Isabela at Nueva Vizcaya.

Dinanas ni Ka Gino at ng pamilya niya ang lupit ng matinding pang-aatake ng kaaway. Noong 1972, dinakip at ikinulong siya at ang kanyang mga kapatid. Sa ilang buwan nilang pagkakabilanggo, pwersahan silang inalila at inabuso ng kaaway. Nang magkaroon ng pagkakataon, tumakas sila at dumiretso sa pinakamalapit na kampo ng BHB at sumapi sa yu-

ng BHB at sumapi sa yunit doon. Marami pa mula
sa kanilang lu
Isabela. Marami
ma at taumbar
malarya at iba

gar ang nagpasyang sumapi sa BHB, kabilang ang ama nina Ka Gino.

Mula noon, nasaksihan at naging bahagi si Ka Gino ng pangkalahatang kasaysayan ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon. Naranasan niya ang hakbang-hakbang na pagbubuo ng mga base ng rehiyon, ang mga taktikal na opensiba ng BHB dito, ang magiting na pagharap ng hukbong bayan at ng rebolusyonaryong masa sa mga atake ng kaaway, at ang mga liku't ikot at tagumpay ng rebolusyonaryong kilusan sa kanilang lugar at sa iba pang bahagi ng rehiyon.

Matinding hirap ang naranasan nina Ka Gino at mga kasama sa rehiyon sa pag-iwas at pagtatanggol sa matinding kampanya ng pagkubkob-at-paglipol ng kaaway sa unang yugto ng pagtatatag ng base ng hukbong bayan sa Forest Region ng Isabela. Dinumog ito ng kaaway, at pwersahang pinalikas ang 50,000 kataong naninirahan doon sa balangkas ng "pagkakait ng base sa mga rebolusyonaryo." Itinakdang "free fire zone" at "no man's land" ang buong lugar. Sinumang matagpuan ng kaaway ay kaagad pinapatay.

Naranasan nina Ka Gino ang walang pakundangang lupit ng ka-away sa pagsasagawa nito ng biochemical warfare. Ang mga ilog ay nilason ng kaaway. Nagpakawala rin ng "Japanese mosquito" para kumalat ang malarya sa Forest Region ng Isabela. Maraming Pulang mandirigma at taumbaryo ang tinamaan ng malarya at iba pang sakit na humantong sa

tun ng
Coy A
at Coy
B ng
B H B
ang naparalisa da-

epidemya. Ilang plahil sabay-sabay o sunud-sunod na nagkasakit ang mga mandirigma.

Naging malaking suliranin ang pagkagutom dahil sa paninira ng kaaway sa natatagpuan nilang mga pananim sa bukid, kaingin, hayop at lahat ng iba pang makakain. Naging malaking operasyon kapwa ng mga kasama at taumbayan ang paghahanap at pagpapalitaw ng pagkain at iba pang saligang pangangailangan.

Ipinanawagan ng mga kasama ang linyang huwag lumikas ang masa at sa halip ay tumungo sa kalaliman ng kagubatan at magbukas ng mga bagong tirahan nila roon. Dahil nilikas ng taumbaryo ang kanilang mga bahay, nahiwalay ang hukbong bayan sa masa. Nawasak ang naitayong mga rebolusyonaryong organisasyong masa at organo ng kapangyarihang pampulitika.

Matingkad na pagkakamali sa panahong ito ang wala-sa-panahong konsepto ng "baseng purok" na dogmatikong kopya sa karanasan ng digmang bayan sa China. Kumitid ang kinikilusang erya na kalakha'y baseng pisikal na lamang laluna nang tumungo sa gubat o kasa-kasama na ng hukbo nila ang ilan na lamang na natitira roong taumbaryo. Adelantadong nagmantine at nahirati na lamang sa pormasyong kumpanya ng regular na pwersang makilos ang mga kasama at walang napaunlad na kasanayan sa pormasyong platun at sa mga taktika at teknika sa paqlaban ng maliliit na yunit.

Noon pa man, may mga kasama nang nagpanukalang lumipat na sila sa malawak at mataong kapatagan sa prubinsya ng Cagayan at iba pang lugar para kagyat na makalabas sa kubkob ng kaaway. Iminungkahing magpalawak, magpalakas at bumuo muli ng baseng masa sa ibang mga lugar habang nakakonsentra ang kaaway sa kagubatan ng Isabela na saka na lamang balikan ito sa panahong mas maluwag na

ang kalagayan. Ngunit di pa ito gaanong pinapansin at sa halip ay iginiit pa rin ang kapasyahang ipagtanggol ang baseng pisikal.

Sa ganitong kalagayan, humantong ang Pulang hukbo sa madalas na pagtatago sa kagubatang pinaliligiran, sinusuyod at binobomba ng kaaway. Naganap ang sunud-sunod na depensibang pakikipagsagupa. Umabot sa 70% ng mga pinuno't tauhan at malalakas na armas ng BHB ang nawala. Naging lubhang pasibo ang hukbo sa pulitika't militar at kumalat ang demokabila ralisasyon. Sa matitinding kahirapan, tu-

mampok ang kabayanihan ng libulibong kasama at rebolusyonaryong masa. Marami ang nakulong at pinahirapan sa mga kampo ng kaaway. Daan-daang mga kasapi ng Partido, Pulang mandirigma at rebolusyonaryong pwersa ang naging martir.

Inilunsad noong Nobyembre 1974 ang Kumperensyang Pampulitika at Militar. Binalikan at sinuri ang apat na taong karanasan ng rebolusyonaryong pakikibaka sa rehiyon. Pinuna ang "labanang gasgasan" at "labanang mapagpasya" sa harap ng superyor na lakas ng mga tropa ng kaaway. Pinuna ang wala sa panahong pagtatanggol ng "baseng purok" lalo't wala nang suportang masa. Pinagpasyahan sa kumperensya ang paglilipat ng kalakhan ng Pulang hukbo sa malalawak na mga lugar sa hilaga, timog at kanluran kung nasaan ang masa at relatibong mahina ang presensya ng kaaway. Tinukoy na pangunahing direksyon ng paglipat ng kalakhan ng pwersa ang prubinsya ng Cagayan at segundaryo ang prubinsya ng Aurora. Tinukoy din ang prubinsya ng Kalinga-Apayao.

Kabilang si Ka Gino sa unang grupong nagsagawa ng makasaysayang martsa mula sa Forest Region



ng Isabela noong 1974. Ngunit sa halip na tumungo sa Cagayan na siyang itinakdang direksyon nila, tumungo ang grupo nila sa Nueva Vizcaya at Quirino (patungong Aurora). Matapos makalusot sa masinsing operasyon at mga atake ng kaaway ay nakarating sa Aurora ang ilang pwersa. May mga nakalusot din patungong Kalinga-Apayao. Ngunit naobligang bumalik ang marami sa kanila, kabilang si Ka Gino, ilang buwan matapos harapin ang matitinding atake ng kaaway.

Pagkabalik sa Forest Region, napabilang si Ka Gino sa mga inatasang magrekober ng mga sonang gerilya sa mga baryo ng Echaque at Jones na nasa gilid ng kagubatan. Sa panahong ito, lalong nahasa ang katatagan ni Ka Gino sa pagsisikap na bumutas ng mga bagong erya at balikan ang mga naiwang lugar sa harap ng matinding atake ng kaaway. Pinangibabawan niya ang hinagpis na dulot ng pagkamatay ng isa niyang kapatid sa isang labanan. Nalagpasan niya ang matinding demoralisasyon na dumapo sa kanilang yunit dala ng matinding pagod, pagkagutom, pagkakasakit at pagkamatay ng maraming kasama.

Kasama si Ka Gino nang isagawa na ang malakihang paglipat ng pangunahing pwersa ng BHB tungong Cagayan. Mula sa pagkakahulagpos sa gipit na lugar at kubkob ng kaaway at pagkarating sa mas maluluwag at matataong lugar, nakasama si Ka Gino sa pagbwelo ng gawaing masa, pagpapalaki ng hukbong bayan at pagsusulong ng iba pang rebolusyonaryong gawain.

Samantala, ang iba pang pwersa ng BHB na nakarating sa Aurora at nakaabot pa sa Nueva Ecija at silangang bahagi ng Pangasinan ay nakapagpalawak

ng rebolusyonaryong kilusan at nakatulong sa pagpapalawak ng rebolusyonaryong kilusan sa silangang bahagi ng Central Luzon. Gayundin, ang mga nakarating sa Kalinga-Apayao ay nakapagpalawak din at nakaugnay sa ibang mga kasama sa Cordillera.

Pagkalipas ng halos apat na dekada, walang patid at patuloy na nakikibaka para sa rebolusyon si Ka Gino. Nakasama siya sa liko't pihit ng rebolusyon. Determinado siyang sumama sa tuluy-tuloy pang pagsulong ng digmang bayan.

Hindi lamang isang subok at magiting na kadre at mandirigma si Ka Gino. Isa rin siyang huwarang ama, asawa at anak. Mula nang sumapi si Ka Gino sa BHB, hindi tumigil ang pag-ugnay at rebolusyonaryong pagpapayo, paghimok at pagpapataas niya ng moral ng pamilya. Kaya rin hindi naputol ang suporta sa kanya ng kanyang pamilya.

Katunayan, marami sa kanila, kabilang ang kanyang mga anak, ay aktibo rin sa rebolusyonaryong kilusan. Inaasam niyang balang araw, maging ang kanyang mga apo ay makakasama rin niya sa pagsusulong ng rebolusyon.

Panghihimasok ng US sa Pakistan

Toong Disyembre 27, pinatay si Benazir Bhutto, dating Prime Minister ng Pakistan. Binaril at pinasabugan ng malakas na bomba si Bhutto sa syudad ng Rawalpindi habang nangangampanya sa eleksyon. Si Bhutto ang pinuno ng Pakistan People's Party, isang mayor na partidong tumatakbo sa eleksyong ipinatawag ni Gen. Pervez Musharraf sa udyok ng imperyalismong US.

Sa loob at labas ng Pakistan, umalingawngaw ang pagbatikos sa diktadurang Musharraf dahil pinaniniwalaan ng marami na ang diktador ang siyang nasa likod ng pagpatay kay Bhutto. Sa harap ng protesta, ipinagpaliban ni Musharraf ang napipintong eleksyon nitong Enero. Sinamantala niya ang nalikhang kaguluhan para muling magdeklara ng emergency rule at patindihin ang lantarang pasistang diktadura laban sa mamayan ng Pakistan.

Pabalat-bungang nagpahayag ng pagkadismaya ang US sa pagpaslang kay Bhutto na anito'y isang "hakbang paurong" sa pagsisikap na "ibalik ang demokrasya"

Pakistan. sa Sadyang hindi lihim ang panghihimasok ng US sa Pakistan. Sa isang panig, todo-todo nitong sinusuportahan ang pasistang rehimen ni Musharraf. Sa kabilang panig, itinutulak nito ang planong gawing Prime Minister si Bhutto sa pamamagitan ng elekhabang syon, nananatiling presidente Musharraf. Alinplasunod sa

nong ito, umuwi si Bhutto sa Pakistan noong Oktubre 2007 mula sa matagal na pagkakadistiyero para makapangampanya sa eleksyon.

Itinulak ng US ang planong ito sa hangaring bigyan ng sibilyang anyo ang pasistang gubyernong militar ni Musharraf, pahu-

pain ang mga kon-

tradiksyon

hanay

nagha-

haring

at sa gayo'y mapangalagaan at maitulak pa ang pampulitika at pangmilitar na interes ng US sa Pakistan at sa saklaw nitong rehiyon.

pakalmahin ang krisis pampulitika

Interes ng US sa Pakistan

Mula nang agawin ni Musharraf ang kapangyarihan sa Pakistan sa pamamagitan ng isang kudetang militar noong 1999, itinuring na siya ng US bilang susing alyado sa teroristang gera nito sa ngalan ng "paglaban sa terorismo."

Estratehiko para sa US ang Pakistan dahil nagagamit itong lunsaran ng panghihimasok nito sa mga

kanugnog nitong ban-

: Afghanistan, China, India at Iran. Malaking salik din sa kahalagahan ng Pakistan sa paghahari at impluwensya ng US sa rehiyon ang pagkakaroon ng

Pakistan ng armas nukleyar. Dahil sa mga ito, malaon nang nagsisilbi ang Pakistan bilang lunsaran ng panghihimasok-militar at pagpapalawak ng kapangyarihan ng US. Tumatayo ito bilang "panrehiyong sentro ng kapangyarihang militar" ng US sa South Asia hanggang Central Asia.

May mahaba nang kasaysayan ang US ng pagsusuhay ng magka-kasunod na mga pasistang diktadura sa Pakistan para mas mabisa nitong magamit ang bansa sa panghihimasok sa mga usapin sa rehiyon at mga kanugnog na bansa.



Mula pa noong 1953, makaraang mapatalsik sa isang kudetang sinuhayan ng US ang kauna-unang sibilyang gubyerno sa bansa at pagpapalit dito ng diktadura ni Gov. Gen. Ghulam Mohammad, pi-

nopondohan na ng US ang mga rehimen at militar sa Pakistan. Kagyat na hinangad noon ng US na gamitin ang Pakistan na pantapat sa sosyal imperyalistang Soviet Union at sa impluwensya nito sa kanugnog na Afghanistan.

Mula noon, sunud-sunod ang pagtatayo ng mga diktadurang militar na pawang nagsilbing papet ng US. Sinuhayan ng US ang diktadura ni Gen. Mohammad Zia-ul-Hag, na nagpatalsik sa pamamagitan ng kudeta noong 1977 at bumitay makaraan ang dalawang taon kay Prime Minister Zulfikar Ali Bhutto, ama ni Benazir Bhutto. Makaraan ito, ibayong pinalaki ng US ang suporta sa rehimen ni Zia-ul-Haq para magamit ito sa pakikipagsabwatan sa mga grupong Taliban at al-Qaeda laban sa direktang okupasyon at pagdagsa noon ng mga tropa ng Soviet Union sa Afghanistan. Kahit umatras na ang Soviet Union sa Afghanistan noong 1989, nagtuluy-tuloy pa rin ang buhos ng suportang pinansyal at militar ng US sa mga reaksyunaryo at papet na rehimen sa Pakistan.

Makaraang maibagsak ang Taliban at makapagtayo na ng makaimperyalistang papet na rehimen sa Afghanistan, pinondohan pa rin ng US ang diktadura ni Musharraf para suhayan naman ang alyado nilang rehimen sa Afghanistan laban sa mga grupong Taliban at al-Qaeda. Higit pang pinalaki ng US ang suportang pinansyal at militar nito sa Afghanistan mula nang ilunsad ni US President Bush noong 2001 ang direktang agresyon ng US sa ngalan ng "gera kontra-terorismo" sa Afghanistan at Iraq at ang panghihimasok nito sa iba pang bahagi ng daigdig. Mula sa \$9.1

milyon lamang noong 1998-2000,
biglang lumaki
tungong \$4.2
bilyon ang
ayudang militar ng US sa
Pakistan noong 20012003. Kabi-

lang ang mga ayudang pang-ekonomya, umaabot sa \$10 bilyon ang kabuuang ibinigay ng US sa Pakistan sa loob ng mga taong ito. Dahil dito, pumapangatlo na ang Pakistan, kasunod ng Egypt at Israel, sa mga bansang tumatanggap ng pinakamalalaking ayuda mula sa US.

Bilang kapalit, pinahintulutan ni Musharraf na maitayo at magamit ng US ang mga base militar nito sa Pakistan upang salakayin ang mga komunidad at bansang binansagan ng US na "terorista." Nakipagsabwatan ang diktadurang Musharraf sa mga ahensyang paniktik ng US upang tukuyin at iligal na idetine, ipailalim sa tortyur at patayin ang mga pinagsususpetsahang mapanganib na mga kalaban ng US.

Bilang serbisyo sa gerang agresyon ng US, hinarangan nito ang hangganan ng Pakistan at Afghanistan upang walang maatrasan ang mga elemento ng Taliban na noo'y tumatayong naghaharing pangkating anti-US sa Afghanistan at ngayo'y naghihimagsik laban sa maka-US na papet na rehimen sa Afghanistan. Gayunman, kahit na sa kalakha'y sinusunod niya ang

gusto ng imperyalistang amo, lihim na hinayaan pa rin ni Musharraf ang pasok-labas ng mga Taliban sa hangganan ng Pakistan at Afghanistan. Kinakasangkapan niya ito para lumaki pa ang pangangailangan at panunuhol sa kanya ng US.

Pasismo at paglaban ng mamamayan

Mula nang pwersahang agawin ni Musharraf ang estado poder noong 1999, lumaganap ang pamamaslang at pagdukot ng mga pwersang militar sa mga kalaban niya sa pulitika, mga taong midya at marami pang ibang tumututol sa kanyang paghahari. Naglunsad siya ng mga kampanyang militar laban sa mga pundamentalistang grupong Islamiko at iba pang organisadong grupong tumututol sa kanyang paghahari. Nagpakawala siya ng mga death squad upang magsagawa ng mga pamamaslang at masaker. Naqtataq siya ng mga sikretong kulungan upang idetine at ipailalim sa tortyur ang kanyang mga kalaban.

Walang pakundangan niyang binitiwan ang anumang pagkukunwaring sumusunod siya sa batas. Noong Marso 2007, karakaraka niyang tinanggal sa pwesto si Iftikhar Muhammad Chaudhry, pinuno ng Korte Suprema dahil nagpasya itong dinggin ang maraming kaso ng pagdukot at pagpaslang ng mga pwersang militar at mga kasong kumukwestyon sa ligalidad ng paghahari ni Musharraf. Napilitan lamang si Musharraf na ibalik sa pwesto ang naturang mahistrado dahil nanindigan ang buong Korte Suprema laban sa ginawa ni Musharraf at dahil sa malawakang pagtutol ng mamamayan.

Nitong Nobyembre 2007, idineklara ni Musharraf ang *emergency* rule. Isinasangkalan niya ang pre-

sensya ng mga pwersang Taliban sa hilagang kanlurang rehiyon ng Pakistan na kanugnog ng Afghanistan. Pero sa katunayan, hindi laban sa Taliban, kundi laban sa mga kritiko ng rehimen niya itinuon ang pasismo. Sinuspinde ni Musharraf ang konstitusyon, inaresto ang mga lider ng oposisyon, nilusob ang Korte Suprema at muling inalis si Chaudry dahil sa pagtanggi niyang suportahan ang emergency rule. Inatras na lamang ni Musharraf ang deklarasyon matapos sumang-ayon ang Korte Suprema sa kanyang kandidatura sa eleksyon.

Lugmok na lugmok ang pangkalahatang kalagayan ng lokal na ekonomya at kabuhayan ng mamamayan. Ang abang kalagayan ng mayorya ng mamamayan at ang laganap na paninikil sa kanilang mga karapatan ang nagtutulak sa kanilang lumaban at itakwil ang diktadura.

Nakapananatili lamang sa pwesto si Musharraf dahil sa suporta ng US, mahigpit na kontrol sa burukrasyang militar at matinding panunupil sa mamamayan ng Pakistan. Subalit malaon nang nilalabanan ng mamamayang Pakistani ang pasistang paghahari ni Musharraf. Ang paglaban sa diktadurang Musharraf ang isa sa mga usaping nagbigkis sa malawak na alyansang kontra-diktadura na binubuo ng mga rebolusyonaryong pwersa, iba't ibang sektor ng mamamayan at gayundin ng mga repormistang burgis at grupong Islamiko.

Kasunduang US-Bhutto-Musharraf

Dahil sa lumalawak nang pagtutol ng mamamayan at sa pagkakalantad at tinatamasang batikos ng diktadurang Musharraf sa buong daigdig, gustong pabanguhin kahit papaano ng US ang diktadurang Musharraf. Alinsunod sa layuning ito, itinulak ng US ang pag-uwi ni Bhutto upang magsilbing Prime Minister at bigyan ng anyong sibilyan ang diktadurang militar ni Musharraf. Ang US ang pangunahing nagayos ng pagkakasundo nina Musharraf at Bhutto.

Lalong nabubunyag sa likod ng mga pagkukunwari ang tunay at di mapasusubaliang pansariling interes ng US sa bansa at sa rehiyon. Pangunahing papet pa rin ng US sa bansa at sa rehiyon si Musharraf at sa kabila ng mga nangyari'y wala itong interes na bitiwan ang diktador.

Gayunman, kahit sa ilalim ng pagpapakatuta sa imperyalismong US ay may relatibong nagsasariling mga maniobra si Musharraf para mapatatag niya ang kanyang pusisyon at matiyak ang kanyang awtokratikong kapangyarihan at interes laban sa kanyang mga karibal.

Sinasamantala ni Musharraf ang gipit na kalagayan ng US sa rehiyon at ang desperadong pagsandig ng US sa isang brutal na papet na tulad niya, para manipulahin ang sitwasyon sa sariling bentahe, habang ganap pa ring pinagsisilbihan ang imperyalismong US.

Ngayon pa lamang ay sinisikap na ng US na iabswelto ang berdugong papet nito sa pamamagitan ng pagpapalutang ng isang ulat paniktik umano ng Central Intelligence Agency na mga "militanteng Pakistani" ang pumatay kay Bhutto.

Bulaang ulat sa pagsabog sa Glorietta, pinal na

TULAD ng inaasahan, isinara na ng rehimen nitong Enero 10 ang kaso ng pambobomba nito sa Glorietta 2 sa Makati City noong Oktubre sa pagdedeklarang isang aksidente ang naganap na pagsabog. Ito'y upang ganap nang mahugasan ang duguang kamay nito sa karumaldumal na krimen na ikinamatay ng 11 at ikinasugat ng ng mahigit 100 iba pa. Labinlimang empleyado at mga bumbero naman ang sinampahan ng kasong kapabayaan kaugnay ng pagsabog.

Walang kaibhan ang pinal na report ng PNP sa dati na nitong ulat na mga kemikal na *methane* at *diesel* ang sumabog sa kabila ng natagpuang RDX ng mismong mga eksperto sa bomba ng Philippine Army (PA). Ang RDX ay sangkap ng bombang C4.

Pilit na pinatahimik si Maj. Allan Sollano, hepe ng Explosives and Ordnance Battalion ng PA matapos niyang iulat na nakadiskubre sila ng mga bahid ng RDX sa isang supot na plastik na nakuha sa pinangyarihan.

Mas masahol pa, walang banggit sa pinal na report ng pulisya hinggil sa tim nina Major Sollano at sa ulat nito kahit isa sila sa mga pinakaunang rumesponde matapos ang pagsabog. Pinagbawalan din ng militar na kapanayamin ng midya si Major Sollano matapos ang insidente.

Hindi rin nito kinunsidera ang resulta ng independyenteng imbestigasyong isinagawa ng Ayala Lands Inc. (ALI), may-ari ng Glorietta 2. Ayon sa mga ekspertong kinatulong ng ALI sa pagsisiyasat, bomba ang sanhi ng pagsabog. Kapalit ng mga ito, pinagbantaan pa ang ALI na sasampahan ito ng kaso dahil pinapasok nito ang tim ng mga dayuhang imbestigador nito sa erya ng pinagsabugan nang walang pahintulot ang PNP.



EDSA 2, ginunita

NAGDAOS ng programa noong hapon ng Enero 18 sa La Salle Greenhills, San Juan City ang mga grupo mula sa iba't ibang sektor para qunitain ang ika-pitong taon ng EDSA 2. Ang tema ng programa ay "Seven Years Is Enough". Ibiq sabihin, sobra na ang pitong taong paghahari ni Gloria Macapagal-Arroyo, na siyang nakinabang sa paq-aalsa ng mamamayan laban sa korapsyon at pandarambong ng rehimeng Estrada. Pagkatapos nito ay nagmartsa ang 800 sa mga dumalo patungong EDSA Shrine ngunit hinarang sila ng mga pulis.

Dumalo sa aktibidad sina dating Vice President Teofisto Guingona, Bayan Muna Rep. Satur Ocampo at Gabriela Women's Party Rep. Liza Maza, mga kasapi ng Bagong Alyansang Makabayan, Black and White Movement, White Ribbon at Union of the Masses for Democracy and Justice.

Pagbawas sa taripa ng langis, binatikos

BINATIKOS ng Kilusang Mayo Uno (KMU) ang hakbang ng Malacañang noong Enero 8 na bawasan ng P0.50 hanggang P1.00 ang taripa ng inaangkat na langis. Hindi ang mamamayan ang lubusang makikinabang dito kundi ang mga dambuhalang kumpanya ng langis tulad ng Shell, Chevron at Petron, anang KMU.

Ayon sa KMU, ang dapat gawin ng rehimen ay tanggalin ang 12% na Expanded Value-Added Tax (EVAT) sa mga produktong petrolyo. Ang ₱3.00 na EVAT ay kinukuha ng gubyerno sa bawat litrong *diesel* na kinokonsumo ng mga drayber at taumbayan.

Panggigipit sa mga karapatan ng midya, tinutulan

BINATIKOS ng iba't ibang grupo at indibidwal ang memorandum na inilabas ng Department of Justice (DOJ) sa pamamagitan ni Sec. Raul Gonzalez nitong Enero 11 laban sa midya. Nakasaad sa memorandum ang pagkontrol ng pulisya at militar sa pag-uulat ng mga mamamahayag sa sinasabing mga sitwasyong pang-emergency.

Ayon sa memorandum, maaaring sampahan ng kasong kriminal ang sinumang myembro ng midya na magbabalewala sa atas ng awtoridad sa "mga sitwasyong pang-emergency." Sasampahan ng kasong obstruction of justice ang sinumang mamamahayag na hindi aalis sa lugar na pinababakante ng mga militar at pulis. Inilabas ang memoramdum na ito mahigit isang buwan matapos ang protesta ng mga sundalo sa Peninsula Manila Hotel sa Makati City. Inaresto at idinetine ng PNP ang mga myembro ng midya na noo'y nasa lugar dahil sa pakikialam umano ng mga ito sa operasyon ng mga pulis.

Upang bigyang-katwiran ang paninikil sa midya, idinadahilan ng kampo ni Arroyo na gagawing "human shield" ang midya sa mga planong "destabilisasyon" laban sa gubyernong Arroyo. Ayon kay Gonzalez, nakakalap umano sila ng ulat paniktik na may namumuo na namang plano ng pagpapatalsik kay Arroyo sa Enero 22.

Dayuhang minahan, pinatalsik ng mga magsasaka sa Nueva Vizcaya

PINATALSIK noong Enero 16 ng galit na galit na mga taumbaryo ang mga tauhan ng dayuhang minahang OceanaGold Philippines Inc. kabilang ang kanilang mga kagamitan sa pagmimina. Inihatid sila ng mga residente hanggang makalabas sa hangganan ng bulubunduking baryo ng Papaya, Kasibu, Nueva Vizcaya.

Balak ng dayuhang kumpanya ng mina na magsimula ng kanilang eksplorasyon sa barangay ngunit nanindigan ang mga lider ng mga tribo na kinabibilangan ng Ifugao, Ibaloi, Bugkalot, Kankaney at Kalanguya na ang permit na hawak ng OceanaGold Philippines Inc. ay walang pahintulot mula sa kanila. Nilabag din umano ng kumpanya ng mina ang lokal na ordinansa ng Barangay Papaya na nagdedeklarang isa itong watershed area ng mga plantasyon ng citrus at kanugnog na mga baryo. Dito nanggagaling ang tubig para sa mga iloq ng Alimudin, Malong at Pahduan.

Ang OceanaGold, isang Australian na kumpanya ng mina, ay may operasyon sa 21,465 ektaryang lupain ng Kasibu, kabilang ang baryo ng Didipio kung saan ito nagmimina ng ginto at tanso. Noong nakaraang taon, sa bisa ng temporary restraining order (TRO) ay napilitang tumigil ang operasyon ng kumpanya sa Didipio. Sa pagpapatalsik sa mga empleyado nito ay naunsyami ang pinakahuling tangka ng OceanaGold na muling makapagpatuloy ng operasyon nito.

MINING



Taon XXXIX Blg. 2 Enero 21, 2008 www.philippinerevolution.net

Editoryal

Isiwalat ang magagandang balita ng armadong pakikibaka

■indi matatawaran ang inspirasyon at galak na din ito ng mahusay na pamumuno ng Partido, ng mainihahatid ng matatagumpay na taktihigpit at masiglang pagtupad ng BHB sa mga pampukal na opensiba at iba pang rebolitikang gawain at ng lawak at lalim ng suporta ng lusyonaryong tagumpay sa mamamamamamayan. yang Pilipino at mamamayan ng buong Ang bawat labanan sa armadong larangan ay may kaakibat na labanan sa pampulidaigdig. tikang larangan. Nasa likod ng Ang bawat tagumpay sa larangan ng armadong pakikibaka ay nagpaparebolusyonaryong artataq sa kanilang determinasyong isumadong pakikilong ang rebolusyon. baka Kaalinsabay, ang bawat matagum-Ymani ng higit pang lahatang-panig pay na taktikal na opensiba ng Baga tagumpay ngayong taon qong Hukbong Bayan (BHB) ay sampal sa pasistang hukbo, sa reaksyunaryong papet na estado at sa sistemang ipinagtatangqol nila. Inilalantad nito ang kasinungalingang ipinangangalandakan ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na sila'y nagwawagi sa desperadong hangarin nilang gapiin ang rebolusyonaryong paqlaban ng bayan. Ang bawat mataqumpay na taktikal na opensiba ay naqpapakita di lamang ng pagsulong sa larangan ng arma-

Mga tampok sa isyung ito...

dong pakikibaka. Patunay

Mabibigo ang mga pakana ng rehimeng US-Arroyo PAHINA 3 Ka Gino: Magiting at beteranong mandirigma PAHINA 6

Panghihimasok ng US sa Pakistan PAHINA 9

Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapus-yaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- **2.** Pag-print sa istensil:
 - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
 - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
 - k) I-click ang Properties
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
 - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angba-yan@yahoo.com*